



KARAPATAN NG MGA TAGABIGAY NG SERBISYONG PANTAGUYOD SA LOOB NG TAHANAN (IHSS) NA MAGSAMPA NG REKLAMO NG SEKSWAL NA PANG-AABUSO

May karapatan kang maging ligtas mula sa sekswal na pang-aabuso sa lugar ng trabaho. Bilang iyong taga-empleyo, pananagutan ng tagatanggap ng IHSS na panatilihin ligtas ang lugar ng trabaho mula sa sekswal na pang-aabuso.

ANO ANG SEKSWAL NA PANG-AABUSO?

Mayroong dalawang uri ng Sekswal na Pang-aabuso:

Ang sekswal na pang-aabuso na “Quid pro quo” (Latin para “ito para dito”) ay kapag ang isang tao ay nagtitiis o tumatanggap ng sekswal na pananamantala o iba pang sekswal na pag-uugali upang makakuha o mapanatili ang isang trabaho o makakuha ng iba pang benepisyong sa trabaho.

Ang sekswal na pang-aabuso na “masamang kapaligiran sa trabaho” ay nagyayari kapag ang mga hindi kasiya-siyang mga komento o pag-uugali batay sa kasarian ay nakakasagabal sa iyong trabaho o lumilikha ng isang hindi komportable, hindi palakaibigan, o nakakasama ng loob na pagtatrabaho. Maaari kang makaranas ng sekswal na pang-aabuso kahit na ang walang galang at hindi kasiya-siyang pag-uugali ay hindi direktang ipinupuntirya sa iyo.

Kasama sa ginagawang sekswal na pang-aabuso ang mga ngunit hindi limitado sa:

- Hindi nais na sekswal na atensyon;
- Nag-aalok ng mga benepisyong kapalit ng sekswal na pabor;
- Pagbabanta na gumawa ng isang bagay upang makaganti sa isang tao matapos na matanggap ang negatibong tugon sa sekswal na pagnanasa;
- Pagtitig na ginagawang hindi komportable ang taong tinitingnan; sekswal na paggalaw ng katawan; o pagpapakita ng mga bagay, larawan, karikatura, o poster na nagpapaisip sa isang tao ng pakikipagtalik;
- Nakakainsulto o bastos na mga komento tungkol sa pakikipagtalik;
- Ang mga bastos na pagtawag ng pangalan, pangungutya, o pagbibiro tungkol sa pakikipagtalik;
- Mga sekswal na salita, komento, mensahe o imbitasyon na nagpaparamdam ng hindi komportable ang isang tao;
- Hindi nais na pisikal na paghawak o pagsalakay; o
- Paghinto o paghadlang sa kilos ng isang tao

Ang pang-aabuso ay hindi kailangang maging isang sekswal na katangian at maaaring isama ang pagiging bastos at nakakasakit na mga puna tungkol sa sex o kasarian ng isang tao. Halimbawa, labag sa batas ang mang-abuso ng isang babae sa pamamagitan ng pagbigay ng mga bastos na puna tungkol sa kababaihan sa pangkalahatan.

Ang parehong biktima at ang nang-aabuso ay maaaring maging isang babae o lalaki, at ang biktima at nang-aabuso ay maaaring maging pareho ang sex/kasarian.

PAANO KO MAIIWASAN ANG SEKSWAL NA PANG-AABUSO SA TRABAHO?

Magmasid

- Magkaroon ng kamalayan sa mga inaasal o nangyayaring sekswal na pang-aabuso at huwag gawin ang mga ito;
- Maging sensitibo sa mga indibidwal na maaaring magalit sa sinasabi at kinikilos na asal ng iba;
- Magkaroon ng kamalayan sa mga uri ng sekswal na pang-aabuso na hindi madaling makita tulad ng pagtitig o ang hindi kinakailangang mga paghawak; at
- Pagmasdan ang paraan ng pagkilos/inaasal ng iba sa bahay at huwag gumawa ng anumang bagay na maaaring magkaroon ng negatibong epekto sa paraan ng pakikipag-usap sa iba.

Magsiyasat

- Bigyang-pansin ang tugon ng iba upang maiwasang makagawa ng isang hindi sinasadyang bagay na ikasasama ng loob nila;
- Huwag kaagad isipin na ang sinuman ay masisiyahan o gustong makarinig ng mga sekswal na biro o komento tungkol sa kanilang hitsura;
- Huwag kaagad isipin na ang sinuman ay masisiyahan o nanaising magpahawak, matitigan, landiin, hilinging makipag-date o hingan ng mga sekswal na pabor;
- Tanungin ang iyong sarili kung ang sinasabi mo o ginagawa ay maaaring magkaroon ng negatibong epekto sa damdamin na ibang tao;
- Suriin ang iyong pag-uugali, pagkilos, at mga komento. Tanungin ang iyong sarili, “Maaari bang hindi ko nalalaman na ako ay nanghihikayat ng sekswal na damdamin o nakikipag-usap sa pamamagitan ng paraan ng aking pananalita?”
- Huwag ipagwalang-bahala ang sekswal na pang-aabuso. Kung sa palagay mo ikaw ay sekswal na naabuso ng isang indibidwal o isang grupo, huwag tanggapin na ito ay isang biro. Huwag hikayatin ang nang-aabuso sa pamamagitan ng pagngiti, pagtawa sa kanyang mga biro, o pakikipaglandian. Ipaalam sa nang-aabuso na hindi ka nasisiyahan at hindi mo gusto ang ganitong uri ng atensyon.

ANO ANG GAGAWIN KO KUNG AKO AY SEKSWAL NA NAABUSO?

Harapin

- Isulat kung ano ang nangyari tuwing naabusong ka ng sekswal. Magsulat ng mas maraming detalye hangga't maaari. Alamin ang eksaktong petsa ng pangyayari, pati na rin ang oras, lokasyon, at mga tao/taong kasangkot.
- Kung maaari, sabihin kaagad sa nang-aabuso na naaabala ka nila. Gamit ang iyong detalyadong tala, sabihin sa kanya na ang uri ng pagpapapansin ay nakakagalit.
- Kung maaari, sabihin sa nang-aabuso na ang kanilang inaasal ay nakakagalit sa iyo at hindi ka komportable;
- Kung maaari, sabihin sa nang-aabuso kung anong mga pag-uugali (kilos, pisikal o sa salita) ang nakikita mong nakakagalit;
- Isaalang-alang ang pagsulat ng isang liham sa nang-aabuso at panatilihin ang isang kopya para sa iyong sarili.
- Kung nararamdaman mo na ang inaasal na sekswal na nang-aabuso ay nalalagay ang iyong kaligtasan sa panganib, umalis sa lugar ng trabaho at tumawag kaagad sa 911 o sa lokal na nagpapatupad ng batas.

Lutasin

- Kung hindi mo malutas ang iyong problema sa iyong taga-empleyo/tagatanggap, maaari mong ipaalam sa county na hindi mo na nais na maging isang tagabigay para sa tagatanggap na iyon.
- Maaari ka ring maghanap ng bagong trabaho sa pamamagitan ng pagpaparehistro sa Pamublikong Awtoridad sa pagpapatala sa IHSS sa iyong county. Maaaring maikonekta ka ng pagpapatala ng tagabigay sa mga bagong tagatanggap na nangangailangan ng isang tagabigay.
- Maaari ka ring gumawa ng reklamo sa Department of Fair Employment and Housing (DFEH) sa pamamagitan ng pagtawag sa iyong reklamo sa DFEH's Communication Center sa 800-884-1684 (tinig) o sa 800-700-2320 (TTY) o ipasok ang paunang form ng reklamo sa online sa: www.dfeh.ca.gov/complaint-process/file-a-complaint/.
- Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pag-iwas sa sekswal na pang-aabuso mangyaring bisitahin ang website ng DFEH sa: www.dfeh.ca.gov/resources/frequently-asked-questions/employment-faqs/sexual-harassment-faqs/.